# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 36
# Ang Pagtawag kay Jeremias

"1 Ang mga salita ni Jeremias na anak ni Hilcias, isa sa mga saserdote na nasa Anathoth sa lupain ng Benjamin: 2 Na dinatnan ng salita ng Panginoon nang mga kaarawan ni Josias na anak ni Amon, na hari sa Juda, nang ikalabing tatlong taon ng kaniyang paghahari. 3 Dumating din nang kaarawan ni Joacim na anak ni Josias, hari sa Juda, nang katapusan nang ikalabing isang taon ni Sedechias, na anak ni Josias, hari sa Juda, hanggang sa pagkabihag ng Jerusalem nang ikalimang buwan. 4 Ang salita nga ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, 5 Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita, at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa. 6 Nang magkagayo'y sinabi ko, Ah, Panginoong Dios! narito, hindi ako marunong magsalita: sapagka't ako'y bata. 7 Nguni't sinabi sa akin ng Panginoon, Huwag mong sabihin, Ako'y bata: sapagka't saan man kita susuguin ay paroroon ka, at anomang iutos ko sa iyo ay sasalitain mo. 8 Huwag kang matakot dahil sa kanila; sapagka't ako'y sumasaiyo upang iligtas kita, sabi ng Panginoon. 9 Nang magkagayo'y iniunat ng Panginoon ang kaniyang kamay, at hinipo ang aking bibig; at sinabi sa akin ng Panginoon, Narito, inilagay ko ang aking mga salita sa iyong bibig:10 Tingnan mo, aking pinapagpupuno ka sa araw na ito sa mga bansa at sa mga kaharian, upang magalis at magbagsak at upang magsira at magwasak, upang magtayo at magtatag. 11 Bukod dito ay dumating sa akin ang salita ng Panginoon, na nagsasabi, Jeremias, anong nakikita mo? At aking sinabi, Ako'y nakakakita ng isang tungkod na almendro. 12 Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon sa akin, Iyong nakitang mabuti: sapagka't aking iniingatan ang aking salita upang isagawa. 13 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin na ikalawa, na nagsasabi, Ano ang iyong nakikita? At aking sinabi, Ako'y nakakakita ng isang palyok na pinagpapakuluan; at paharap sa hilagaan. 14 Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon sa akin, Mula sa hilagaan ay lalabasin ng kasamaan ang lahat na nananahan sa lupain. 15 Sapagka't, narito, aking tatawagin ang lahat na angkan ng mga kaharian sa hilagaan, sabi ng Panginoon; at sila'y magsisiparoon, at sila'y maglalagay bawa't isa ng kanikaniyang luklukan sa pasukan ng mga pintuang-bayan ng Jerusalem, at laban sa lahat na kuta niyaon sa palibot, at laban sa lahat na bayan ng Juda. 16 At aking sasalitain ang aking mga kahatulan laban sa kanila tungkol sa lahat nilang kasamaan, sa kanilang nangagpabaya sa akin, at nangagsunog ng kamangyan sa ibang mga dios, at nagsisamba sa mga gawa ng kanilang sariling mga kamay. 17 Ikaw nga'y magbigkis ng iyong mga balakang, at ikaw ay bumangon, at salitain mo sa kanila ang lahat na iniuutos ko sa iyo: huwag kang manglupaypay sa kanila, baka ikaw ay panglupaypayin ko sa harap nila. 18 Sapagka't, narito, ginawa kita sa araw na ito, na nakukutaang bayan, at pinakahaliging bakal, at pinaka kutang tanso, laban sa buong lupain, laban sa mga hari sa Juda, laban sa mga prinsipe niyaon, laban sa mga saserdote niyaon, at laban sa bayan ng lupain. 19 At sila'y magsisilaban sa iyo; nguni't hindi sila manganananaig laban sa iyo: sapagka't ako'y sumasa iyo, sabi ng Panginoon, upang iligtas ka." (Jeremiah 1:1-19)

Si propetang si Jeremias ay mula sa isang pamilya ng pari at tinawag ng Diyos siya sa paghahari ni Josias ang hari ng Judah. Si Haring Josias ay matuwid na hari, at siya ay malaking tao sa pagharap sa kasalanan. Si Haring Josias ay nilinis ang templo ng Diyos mula sa lahat ng mga idiyos diyosan ng kanyang ama at ninuno na inilgay sa templo ng Diyos. Nilinis niya ang Juda mula sa matataas na lugar at inalis ang lahat ng mga altar ng mga dayuhang diyos. Pinahaba niya ang kaniyang kampanya at umabot sa Samaria at nilinis niya ito mula sa lahat ng uri ng mga diyos diyusang sinasamba at winasak niya ang lahat ng dayuhang dambana kung saan ang mga pari ay nagsasagawa ng kanilang pagsamba sa diyos diyusan.

Sa gayon, si Jeremias ay napakalaking tulong kay Josias ang hari sa kanyang masigasig na kilusan sa pagaalis ng lahat ng pagsamba sa mga diyos diyosan sa lupa. Si Josias ang gumagawa at si Jeremias ang nagsasabi; sila'y may isang mabuting kampanya sa paggawa ng magkasama. Ang ganitong mabuting kampanya na ang simbahan ngayon ay dapat gawin; upang sabihin ang usapin at upang gawin ang gawain, sa pagalis ng mga diyos diyosan at mali at dayuhang mga gawi mula sa buhay ng simbahan at ang mga kasapi ng simbahan.

Maari mong isipin o sabihin, para sa ano na si Jeremias ay tinawag ng Diyos kung nandoon si Josias na gumagawa ng mabuti? Ito ay tama, ngunit ang dalawa ay mas higit kaysa sa isa. Ganunpaman, gaya ng alam mo nang si Josia ay namatay, ang ministerio ni Jeremias ay nagpatuloy at siya nagministerio sa masasamang hari, Joacim at Zedekaih na dumating pagkatapos ni Haring Josias na ating mababasa dito: "1 Ang mga salita ni Jeremias na anak ni Hilcias, isa sa mga saserdote na nasa Anathoth sa lupain ng Benjamin: 2 Na dinatnan ng salita ng Panginoon

nang mga kaarawan ni Josias na anak ni Amon, na hari sa Juda, nang ikalabing tatlong taon ng kaniyang paghahari. 3 Dumating din nang kaarawan ni Joacim na anak ni Josias, hari sa Juda, nang katapusan nang ikalabing isang taon ni Sedechias, na anak ni Josias, hari sa Juda, hanggang sa pagkabihag ng Jerusalem nang ikalimang buwan." (Jeremias 1:1-3) Kahit na mayroong ibang tao na gumagawa ng maayos sa ministerio ng Diyos kapag ang Diyos ay tinawag ka sa gayon tumugon ka sa mensahe dahil ang panahon ay darating nang wala ni isa kundi ikaw sa natatanging lugar upang ipagpatuloy ang ministeryo na kailangan mong manindigan at magpakatatag sa pagpapahayag sa mga taong nasa paligid mo ng buong kalooban ng Diyos.

Ang sumusunod ay ang ilan sa mga iniidolong ito na kailangang patuloy na paglabanan. Bagama't tinalakay natin ito dati, ilan sa atin ay kinakailangan pa na mapaalalahanna upang lubos na isuko ang lahat ng mga iniidolong ito sa kanilang maling gawi.

A. Pagnanasa at immoralidad; pagkakaroon ng katipang lalake at babae, pagsasama, panliligaw, panonood ng ponograpiya, pagsasama ng walang kasal, paghihiwalay at pag-aasawang muli, pangangalunya, maramihang pag-aasawa at wala sa batas na pag-aasawa, pag-aasawa sa mga hindi mananampalataya, at tinatanggap ang isang solong ama, o isang solong ina para magpakasal sa iba bukod sa ina o ama ng kanya o kanyang anak o mga anak.

B. Pagdiriwang ng mga kapistahan ng mga diosdiosan; pagdiriwang ng Bagong Taon, at Pasko ng may Santa Claus, Christmas tree, pagdiriwang ng mga araw ng kapanganakan, anibersayo ng kasal, at anibersaryo ng kamatayan, pagdiriwang ng Araw ng Ama at Araw ng Ina, Halloween (Pagaani), Araw ng lahat ng mga Santo, Araw ng mga Puso, Buwan ng mga Pastor at Pamamaalam na mga salu-salo. Ang lahat ng pagdiriwang na ito ay dapat mawala sa ating buhay at maari mong pang idagdag ang ilang mga diosdiosan at araw para sa pagdiriwang, ng walang kahit anong dahilan sa Bibiliya, sa buhay ng simbahan.

C. Pagmamalaki, pagyayabang at pagpapakitang gilas

D. Kasakiman, pagiimbot, at pagmamahal sa salapi.

E. Pagsasayang at paggastos ng sobra.

F. Katakawan, pagkain ng sobra, pagmamahal sa pagkain ng higit sa Diyos, pagbili ng pagkain sa mga restawrant, pagmamahal sa mga kapistahan at mga pagdiriwang ngunit tumatangging magayuno.

G. Kamunduhan, pagsasayang ng oras sa TV, You-Tube, at Facebook.

H. Mapanirang-puri, masamang hangarin, inggit, paninibugho, kapaitan, pagkakaroon ng sama ng loob, galit, pagkapoot at di pagpapatawad, pagmamayabang ng pakitang-tao, katamaran, kasiyahan, at kawalan ng pangako sa Diyos, paglilingkod sa makamundong bagay ngunit ayaw maglingkod sa Diyos.

I. Homosexualidad, hinahayaan ang isang relasyon sa pagitan ng kapwa lalaki, at kapwa babae, pagkukunsinti sa transgender at homosexual na paguugali at mga gawa, at hinahayaan ang pagaasawa ng homosexual.

Ang oras at ang lugar na inilagay ng Diyos sayo upang magministerio ay inihalal ng Diyos at Siya ay may tiyak na layunin at gawa para sayo upang kamtan. "4 Ang salita nga ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsasabi, 5
Bago kita inanyuan sa tiyan ay nakilala kita, at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapaging banal kita; inihalal kitang propeta sa mga bansa." (Jeremias 1:4-5)

Bago ka nilikha ng Diyos sa sinapupunan ng iyong ina ay itinabi kana at pinabanal ka para sa natatanging misyon. Sa gayon kailangan mong makipagkasundo sa Diyos at umayon sa pamamagitan ng proseso ng pagpapabanal upang maihanda para sa iyong pagkahirang.

Ikaw ay inihalal at itinabi bilang isang propeta upang ihayag ang kalooban ng Diyos sa mga taong nasa paligid mo. Ikaw ay tinawag ng Diyos upang abutin ang iba sa mensahe ng Diyos. Ikaw ay tinawag upang ipakita sa kanila mula sa Banal na Kasulatan kung saan nila binigo ang Diyos at ano ang kailangan nilang gawin upang bumalik sa Kanya. Kailangan mong ipakita sa kanila sa paanong sila'y dapat mabuhay ng kanilang tungkulin at ang gawain na kailangan nilang isagawa.

"6 Nang magkagayo'y sinabi ko, Ah, Panginoong Dios! narito, hindi ako marunong magsalita: sapagka't ako'y
bata. 7 Nguni't sinabi sa akin ng Panginoon, Huwag mong sabihin, Ako'y bata: sapagka't saan man kita susuguin

ay paroroon ka, at anomang iutos ko sa iyo ay sasalitain mo." (Jeremiah 1:6-7) Huwag mong ibigay ang iyong mga dahilan at subukang iwasan ang tawag ng Diyos. Ikaw ay hindi maliit, o hindi kaya. Kailangan mong pumunta sa mga tao na ang Diyos ay ipinadala ka at sabihin sa kanila anuman ang sinabi ng Diyos sa iyo upang sabihin. Huwag asahan na ang Diyos ay papaginhawain ka at magpapadala ng iba kung tinawag ka Niya maliban sa pagpili mong huwag sumunod sa Diyos.

"8 Huwag kang matakot dahil sa kanila; sapagka't ako'y sumasaiyo upang iligtas kita, sabi ng Panginoon." (Jeremias 1:8) Tinawag ng Diyos si Jeremias upang puntahan at harapin ang mga tao. Ang pagharap sa mga tao ay isa sa pinakamahirap na bagay na yaong mga tinawag ng Diyos ay sinusubukan upang iwasan. Ngunit ito ang pinaka eksaktong bagay na kailangan mong gawin. Hindi ka dapat pumunta at magsalita sa kanilang likuran sa ibang tao ngunit sa halip dapat kang pumunta at direktang harapin sila. Huwag mong hayaan ang takot upang kontrolin ka dahil ang Panginoon ay sumasaiyo habang ikaw ay handa na maglingkod sa Kanya at ililigtas ka Niya mula sa kanilang kamay at sa kanilang kasamaan.

"9 Nang magkagayo'y iniunat ng Panginoon ang kaniyang kamay, at hinipo ang aking bibig; at sinabi sa akin ng Panginoon, Narito, inilagay ko ang aking mga salita sa iyong bibig:" (Jeremiah 1:9) Ibibigay ng Diyos ang Kanyang Salita na sa iyong misyon at ang iyong gawain ay magagawa at epektibo. Kapag ang Diyos ay gumabay sa gayon sigurado Siya ay magbibigay. Bilang pagbibigay Niya ng kailangan ni Jeremias sa paghipo sa kanyang bibig at paglalagay ng Kanyang Salita sa kaniyang bibig, siguradong ang Panginoon ang magbibigay ng iyong kailangan at gagawin ang misyong ito at epektibo sa pagtawag sa iyo.

"10 Tingnan mo, aking pinapagpupuno ka sa araw na ito sa mga bansa at sa mga kaharian, upang mag alis at magbagsak at upang magsira at magwasak, upang magtayo at magtatag." (Jeremiah 1:10) Ang Salita ng Diyos na ibinigay ng Diyos sa iyo para sa maraming bansa at ang kategorya ng mga tao, at magkakaroon ng sumusunod ng iba't ibang epekto:

1. Upang magalis
2. at magbagsak
3. at upang magsira
4. at magwasak
5. upang magtayo
6. at upang magtatag

Ang Salita ng Diyos ay maghahatid ng madamdaming pagbabago sa buhay ng mga tao; dapat maalis dito ang mga tradisyon na maling mga gawi na naghahatid sa henerasyon ng mga sumpa; Ito ay magbabagsak ng mga pagsamba sa diyos diyosan: Ito'y sisira sa tiyak na maling pagtayo: Ito'y magbabagsak ng mga maling estilo ng pamumuhay, maling prioridad at mga plano at makasariling ambisyong bagay. Ganon din ang Salita ng Diyos ay magtatayo at magtatag ng totoong ministerio na batay sa Salita ng Diyos.

"11 Bukod dito ay dumating sa akin ang salita ng Panginoon, na nagsasabi, Jeremias, anong nakikita mo? At aking sinabi, Ako'y nakakakita ng isang tungkod na almendro. 12 Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon sa akin, Iyong nakitang mabuti: sapagka't aking iniingatan ang aking salita upang isagawa." (Jeremiah 1:11-12) Ang tungkod ng isang almendro na puno na ipinakita ng Diyos dito kay Jeremias ay ipinaalala sa kanya ang tungkol sa tungkod ni Aaron, na pinamulaklak, bilang senyales na siya ay pinili ng Panginoon. "1 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 2 Salitain mo sa mga anak ni Israel, at kumuha ka sa kanila ng mga tungkod, isa sa bawa't sangbahayan ng mga magulang; sa lahat nilang mga prinsipe ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang, labing dalawang tungkod: isulat mo ang pangalan ng bawa't isa sa kaniyang tungkod. 3 At isusulat mo ang pangalan ni Aaron sa tungkod ni Levi: sapagka't isa lamang tungkod magkakaroon sa bawa't pangulo sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang. 4 At iyong ilalagay sa tabernakulo ng kapisanan sa harap ng patotoo, na aking pinakikipagkitaan sa inyo. 5 At mangyayari na ang lalaking aking pipiliin, ay mamumulaklak ang kaniyang tungkod: at aking ipatitigil sa akin, ang mga pag-upasala ng mga anak ni Israel, na kanilang iniupasala laban sa inyo. 6 At si Moises ay nagsalita sa mga anak ni Israel, at ang lahat nilang mga prinsipe ay nagbigay sa kaniya ng tungkod, na bawa't pangulo ay isa, ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang, labing dalawang

tungkod: at ang tungkod ni Aaron ay nasa gitna ng kanilang mga tungkod. 7 At inilagay ni Moises ang mga tungkod sa harap ng Panginoon sa tabernakulo ng patotoo;8 At nangyari nang kinabukasan, na si Moises ay pumasok sa tabernakulo ng patotoo; at, narito, na ang tungkod ni Aaron sa sangbahayan ni Levi ay namulaklak at nagkaroon ng mga hinog na almendras. 9 At mula sa harap ng Panginoon ay inilabas ni Moises ang lahat ng tungkod sa lahat ng mga anak ni Israel: at kanilang pinagmalas, at kinuha ng bawa't lalake ang kaniyang tungkod. 10 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Ibalik mo ang tungkod ni Aaron sa harap ng patotoo, upang ingatang pinakatanda laban sa mga anak ng panghihimagsik; upang iyong wakasan ang kanilang mga pag-upasala laban sa akin, upang huwag silang mamatay. 11 Gayon ginawa ni Moises: kung paanong iniutos ng Panginoon sa kaniya, ay gayon niya ginawa.12 At sinalita ng mga anak ni Israel kay Moises, na sinasabi, Narito, kami ay mga patay, kami ay napahamak, kaming lahat ay napahamak. 13 Lahat ng lumalapit, na lumalapit sa tabernakulo ng Panginoon, ay namamatay: kami bang lahat ay malilipol?" (Bilang 17:1-13) Dito ang Panginoon ay ipinaalala kay Jeremias na siya ay pinili, at tinawag bilang pari gaya ni Aaron na tinawag, at kailangan niyang mamunga para sa Diyos. Ang katulad para sayo, bilang ikaw ay tinawag ng Diyos bilang isang makaharing seserdote kailangan mong mamunga para sa Panginoon. "9 Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan:" (1 Pedro 2:9)

"13 At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin na ikalawa, na nagsasabi, Ano ang iyong nakikita? At aking sinabi, Ako'y nakakakita ng isang palyok na pinagpapakuluan; at paharap sa hilagaan. 14 Nang magkagayo'y sinabi ng Panginoon sa akin, Mula sa hilagaan ay lalabasin ng kasamaan ang lahat na nananahan sa lupain. 15 Sapagka't, narito, aking tatawagin ang lahat na angkan ng mga kaharian sa hilagaan, sabi ng Panginoon; at sila'y magsisiparoon, at sila'y maglalagay bawa't isa ng kanikaniyang luklukan sa pasukan ng mga pintuang-bayan ng Jerusalem, at laban sa lahat na kuta niyaon sa palibot, at laban sa lahat na bayan ng Juda. 16 At aking sasalitain ang aking mga kahatulan laban sa kanila tungkol sa lahat nilang kasamaan, sa kanilang nangagpabaya sa akin, at nangagsunog ng kamangyan sa ibang mga dios, at nagsisamba sa mga gawa ng kanilang sariling mga kamay." (Jeremiah 1:13-16) Nagpakita ang Diyos kay Jeremias ng isa pang pangitain tungkol sa Kanyang darating na paghatol sa Jerusalem at sa bayan ng Judah na nabubuhay ng walang pagsunod sa Kanya at sa Kanyang Salita. Dito ang Diyos ay nangako na ipapadala Niya ang Kanyang matinding paghatol sa mga tao ng lupain dahil sa kanilang mga diyos diyosan na ginagawa nila laban sa Diyos. Sa parehong paraan, tinatawag ka ng Diyos ngayon sa isang napaka kritikal na panahon sa buhay ng Kanyang simbahan kung saan ang katiwalian, pakikikompromiso, immoralidad, walang katarungan, pang aabuso, maling mga motibo, makamundo, at mga tradisyunal na mga gawi ay sobrang laganap sa bayan ng Diyos at ang Diyos ay nangangakong ipapadala Niya ang Kanyang matinding paghuhukom sa mga tao, at nais ng Diyos na ihayag mo ngayon ang paghuhukom ng Diyos sa mga tumangging baguhin ang kanilang mga paraan at mabuhay ng may pagsunod sa Salita at kalooban ng Diyos.

"17 Ikaw nga'y magbigkis ng iyong mga balakang, at ikaw ay bumangon, at salitain mo sa kanila ang lahat na iniuutos ko sa iyo: huwag kang manglupaypay sa kanila, baka ikaw ay panglupaypayin ko sa harap nila." (Jeremias 1:17) Ihanda ang iyong sarili. Ilagay ang buong sandata ng Diyos at bigkisin ang iyong sarili ng sinturon ng katotohanan, sapagka't ang Diyos ay ipinadala ka upang ipahayag ang Kanyang kalooban sa mga bansa.

Wala kang ibang pagpipilian kundi magpatuloy. Huwag manlupaypay sa kanilang harapan: Huwag magpasindak sa kanila at huwag matakot na pumunta at harapin ang mga tao na ikaw ay ipinadala ng Diyos upang salitain sa. Kung hindi ito ang gagawin ng Diyos sayo. Ikaw ay panglupaypayin sa harap nila. Sapagkat ang Diyos ay tatakutin ka sa harapan ng mga tao kung tumanggi ka sa pagtawag ng Diyos. Wala kang pagpipilian kundi sumunod.

"18 Sapagka't, narito, ginawa kita sa araw na ito, na nakukutaang bayan, at pinakahaliging bakal, at pinaka kutang tanso, laban sa buong lupain, laban sa mga hari sa Juda, laban sa mga prinsipe niyaon, laban sa mga saserdote niyaon, at laban sa bayan ng lupain." (Jeremias 1:18) Bilang pagsunod mo sa Diyos at magpatuloy sa pagtawag sayo upang pumunta at harapin ang mga tao na may mensahe ng Diyos, ang sumusunod na makikita mo na gagawin ng Diyos para sayo:

1. Ikaw ay gagawin ng Diyos na nakukutaang bayan, na ang mga kaaway ay hindi makalusot sa iyo

2. Ikaw ay gagawin ng Diyos na isang pinakahaliging bakal, na yaong mananakit sayo, mismong ang sarili nila ang masasaktan, ngunit ikaw ay hindi apektado.
3. Ikaw ay gagawin ng Diyos na pinaka kutang tanso laban sa buong lupain, isang bagay na hindi kayang baguhin ng kaaway. Ang tanso ay hindi nila kayang masira o magiba, at dahil ito ay isang pader sa gayon hindi sila matutuloy at makakapagpatuloy sa knilang binabalak. Nais ng Diyos na gamitin ka upang hadlangan ang masamang balak ng mga tao.

Sa aking mahal at minamahal: "19 At sila'y magsisilaban sa iyo; nguni't hindi sila mangananaig laban sa iyo: sapagka't ako'y sumasa iyo, sabi ng Panginoon, upang iligtas ka." (Jeremias 1:19) Habang nais mong sumunod sa Diyos at gawin ang uri ng ministerio na sinabi Niya sayo upang gawin, sa gayon poprotektahan ka Niya at ililigtas ka Niya. Sila'y maghihimagsik laban sayo ngunit hindi sila mangingibabaw. Samakatuwid maging malinaw ang isip, sumunod sa Panginoon at magpatuloy sa iyong misyon upang maglingkod sa Kanya.

Tayo ay manalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating ipagtapat sa Panginoon ang ating mga kasalanan.

Ipagtapat at talikuran ang iyong pag aatubili sa pagtugon sa tawag ng Diyos, ang iyong pagaatubili at mga dahilan na pumunta at ibigay ang mensahe na nais ng Diyos upang ihatid para tiyak na natatanging bayan ng Diyos, ipagtapat ang iyong takot sa tao at ang iyong katigasan ng ulo.

Panginoon salamat para sa iyong pagtawag sa akin upang maglingkod sayo. Panginoon salamat para sa malinaw na Salita na ipinadala mo sa akin. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking buhay upang maglingkod at gawin ang gawain mo at ang gawain na ipinagkatiwala mo sa akin na gawin. Panginoon bigyan mo ako ng Salita na kailangan ko sa aking buhay upang alisin ang mga nakagawiang maling mga gawi na naghatid ng sumpa sa mga henerasyon, upang ibagsak ang pagsamba sa mga diyos diyosan, upang wasakin ang tiyak na maling pagtatayo, maling prioridad at mga plano at makasariling ambisyong bagay at upang itayo at itatag ang tunay na ministro na batay sa Iyong Salita. Panginoon protektahan mo ako mula sa paguusig ng mga tao at mula sa pinsala at mula sa gawa ng Demonyo at ibigay sa akin ang lahat ng aking kailangan.

Panginoon gawin mo akong isang nakukutaang bayan, na ang mga kaaway ay hindi kaya makapanaig sa akin. Panginoon gawin mo akong isang pinakahaliging bakal, na yaong lalaban sa akin, sila mismo ang masasaktan. Panginoon gawin mo akong isang pinaka kutang tanso, laban sa buong lupain, isang bagay na ang kaaway ay hindi mawawawasak at magigiba, at hindi susulong o magkapagpatuloy sa kanilang mga plano.

Panginoon, ako'y nanalangin sa lahat ng kapatiran na ipinagkatiwala nila ang kanilang buhay sayo. Panginoon protektahan sila mula sa lahat ng gawain ni Satanas. Panginoon ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon bigyan sila ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kapayapaan, kagalakan pagtitiis, pagtitiyaga, pagpipigil sa sarili, mahabang pagdurusa, kahinahunan, kabutihan, upang sa katangian sila'y maging katulad mo, na ang mga tao ay makita ka sa pamamagitan ng kanilang buhay.

Panginoon ako'y nanalangin para sa amin bilang simbahan na maging tagagawa ng iyong Salita at upang magawa ang mga gawain na tinawag mo sa amin upang gawin para sayo. Panginoon punuin kami ulit ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay. Panginoon bigyang daan kami upang makapagebanghelyo at abutin ang bagong bayan na may Mabuting Balita at ang mesahe ni JesuCristo. Panginoon bigyang daan kami upang makapagtatag ng marami pang pagaaral ng Bibliya at kongregasyon para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.